



SOCIAL MEDIA AT AKADEMIKONG PAG-UNLAD NG MGA MAG-AARAL  
SA UM PANABO COLLEGE

Undergradweyt Tesis na Iniharap  
Sa Tesis komite ng UM Panabo College Panabo City

Bilang Bahagi sa Pagpaptupad ng mga Pangangailangan  
Sa Asignaturang FIL 413




Nestor C. Calabio  
Shame B. Canoy




Mayo 2021

## DAHON NG PAGTANGGAP

Ang tesis na ito na may pamagat na **Social Media at Akademikong Pag-unlad ng mga Mag-aaral sa UM Panabo College** ay isinasagawa at ipinasa nina **Calabio, Nestor C. at Canoy, Shame B.** para sa pagtupad ng pangangailangan sa asignaturang FIL 413 sa Departamento ng Kaguruan (Department of Educator), UM Panabo College, lungsod ng Panabo ay buong tinanggap.

  
**AMELIE L. CHICO, DM, FRIM**  
Research Coordinator

  
**LIEZEL V. CHAN, Ph. D.**  
Dean of College  
UM Panabo College

## DAHON NG PAGPAPATIBAY AT PAG-EENDORSO

Ang tesis na ito na may pamagat na **Social Media at Akademikong Pag-unlad ng mga Mag-aaral sa UM Panabo College** ay isinasagawa at ipinasa nina **Calabio, Nestor C. at Canoy, Shame B.** para sa pagtupad ng pangangailangan sa asignaturang **FIL 413** na sinuri, tinanggap at buong iniendorso.



**JOYCE B. HERNANDO, MaEd**  
Tagapayo

---

## LUPON NG TAGASURI

Tinanggap at sinang ayunan pagkatapos ng pagsusuri sa panahon ng pinal na pagsusuri bilang katuparan sa pangangailangan ng **FIL 413**.

Buong sikap na inindorso para sa pagpapatibay ni **Dr. Liezel V. Chan**, Dekana ng Kolehiyo ng **UM Panabo College**, Panabo City.



**AMELIE L. CHICO, DM, FRIM**  
Kasapi



**DR. JEANILYN E. TACADENA**  
Tagapangulo

## TESIS ABSTRAK

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay upang malaman ang makabuluhang ugnayan ng social media at akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa UM Panabo College, sa unang termino ng ikalawang semestre (1st term, 2nd sem) sa taong panuruan 2020-2021 gamit ang random sampling. Ang social media ay mayroong indikektor na pagkalulong ng mga mag-aaral; impluwensiya ng pagkalantad ng social media; paggamit sa social media, paggamit ng social media ayon sa edad, at paggamit ng social media ayon sa kasarian. Ang akademikong pag-unlad ay mayroong indikektor na marka. Ito ay ginamitan ng non-experimental correlation na disensyo at istadistikang pamamaraan na mean at Pearson-r. Ayon sa resulta ng pag-aaral ay walang makabuluhang ugnayan ang social media at akademikong pag-unlad .

*Susing kaalman: Social Media at Akademikong Pag-unlad ng mga Mag-aaral sa UM Panabo College*

## PASASALAMAT AT PAGKILALA

Ang mananaliksik ay taos-pusong nagpapasalamat sa mga taong naging bahagi sa isinagawang pananaliksik.

Una, sa **Poong Maykapal** na may lalang ng lahat ng bagay, sa Kanyang walang sawang pagbubuhos ng biyaya ng kaalaman at karunungan sa mananaliksik upang mapagtagumpayan ang gawaing ito;

**Joyce B. Hernando**, ang nagsilbing tagapayo sa kanyang walang sawang pagbibigay puna mula sa simula tungo sa ikaaayos ng papel ng pampananaliksik na ito.

**Dr. Amelie L. Chico at Dr. Jeanilyn E. Tacadena**, ang mga tagasuri na nagbahagi ng kanilang kahusayan sa mananaliksik sa pamamagitan ng pagbibigay puna upang maging maayos ang papel na ito;

**Dr. Liezel V. Chan**, ang naging statistician na nagbahagi ng kanyang kaalaman upang mabigyang linaw ang resulta ng pag-aaral na ito;

Sa mga magulang ng mananaliksik na sina **Mr. Calabio at Canoy** sa kanilang walang sawang paggabay at pagbibigay ng moral at pinansyal na suporta lalo na sa ikatatagumpay ng gawaing ito;

Sa mga kapamilya, mga kaibigan at lahat ng naging bahagi sa pagsasakatuparan ng gawaing ito, **MARAMING SALAMAT PO!**

*Calabio, Canoy,*

## **PAGHAHANDOG**

Ang tesis na ito ay taos-pusong inihandog ng mga mananaliksik sa kanilang mga pinakamamahal na mga magulang, kapatid, kaibigan, sa lahat ng mga taong nasa likod na sumusuporta sa pag-aaral na ito at higit sa lahat sa Poong Maykapal na may bigay ng lahat ng bagay sa mundo.

*-Calabio*

*-Canoy*

## TALAAN NG NILALAMAN

Pamagat	i
Dahon ng Pagtanggap	ii
Dahon ng Pagpapatibay at Pag-eendorso	iii
Tesis Abstrak	iv
Pasasalamat at Pagkilala	v
Paghahandog	vi
Talaan ng Nilalaman	vii
Talaan ng Talahanayan	x
Talaan ng Talaguhitan	xi

### Kabanata

#### 1 ANG SULIRANIN AT KALIGIRAN NITO

Sanligan ng Pag-aaral	1
Paglalahad ng Suliranin	4
Haypotesis	5
Balangkas na Teoritikal at Konseptwal	5
Kahalagahan ng Pag-aaral	7
Depinisyon ng Terminolohiya	8

#### 2 MGA KAUGNAYAN NA PAG-AARAL AT LITERATURA 9

#### 3 METODO

Disenyo ng Pananaliksik	16
-------------------------	----

Sabjek ng Pananaliksik	16
Instrumentong Pampananaliksik	19
Pamamaraan sa Pangangalap ng Datos	20
Paraan at Istatistikang Ginamit sa Pananaliksik	21
<b>4 PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS</b>	
Lebel ng Social Media	22
Lebel ng Akademikong Pag-unlad	34
Makabuluhang Ugnayan sa Social Media at Akademikong Pag-unlad	35
<b>5 BUOD, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON</b>	
Buod	38
Konklusyon	39
Rekomendasyon	40
<b>TALASANGGUNIAN</b>	
<b>APENDIKS</b>	
A. Liham ng Pahintulot para sa Respondente	
B. Liham ng Pahintulot para sa Balidasyon sa Talatanungan	
C. Papel ng Balidasyon	



D. Talatanungan

E. Grammarly Certification

F. Certification of Appearance

**PANSARILING DATOS**

## TALAN NG TALAHANAYAN

### Talahanayan

1. Distribusyon	ng	mga	Respondente	
				17
2. Lebel	ng	Social	Media	
				23
3. Lebel ng Akademikong Pag-unlad				37
4. Makabuluhang Ugnayan sa Pagitan ng social media at akademikong pag-unlad				39

## TALAN NG TALAGUHITAN

### Talaguhitan

1. Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral 6

## **Kabanata 1**

### **SULIRANIN AT KALIGIRAN NITO**

#### **Sanligan ng Pag-aaral**

Ang akademikong pag-unlad ay ang resulta ng edukasyon, ang lawak kung saan nakamit ng isang mag-aaral, guro o institusyon ang kanilang mga hangaring pang-edukasyon. ang akademikong pag-unlad ay may malaking bahaging ginagampanan upang makahubog ng mga magagaling na mag-aaral na s'yang maaaring magiging susunod na lider at mangagawa na s'yang may responsibilidad sa pag-unlad ng pang-ekonomiya at sosyal ng isang bansa. Ngunit, isang malaking hamon pa rin ng mga mag-aaral ang pagbaba ng kanilang marka sa pagsusulit na siyang nakaka-apekto sa kanilang akademikong pag-unlad na kung saan maraming sanhi o salik ang naturang isyu isa na nga rito ang kawalan ng konsentrasyon sa pag-aaral.

Sa bansang Pakistan, na isinigawa ni Khan (2011) ang pinakapangunahing dahilan ng mga mag-aaral sa kanilang mababang akademikong pag-unlad ay ang mga paksang mahirap maiintindihan. Inilahad din dito, na karamihan ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pag-unawa at dahil na rin umano sa mababang tiwala sa kanilang sariling kakayahan.

Sa kabilang banda, sa Pambansang lebel ayon sa pag-aaral ni Morillo (2014) na isinagawa sa Laguna, Manila. Ang pamamahala sa oras ang naging pangunahing sanhi ng pagbaba ng akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral. Naging mas tutok ang mga mag-aaral at halos lahot ng oras ay ibinuhos na sa sa paggamit ng mobile phones o mga gadget. Dagdag pa

riyan, napag aalaman sa pag-aaral na malaking ambag sa akademikong pag-unlad ang dami ng inaaral, ang personal ng problema at maging ang mga taong nakapaligid sa mga mag-aaral.

Sa UM Panabo College, mahihinuha o mapapansin na may iilan pa ring mga mag-aaral ang nahihirapan sa kanilang pag-aaral lalong lalo na sa usaping marka o sa kanilang pagkatuto. Ayon sa isang mag-aaral ilan umano sa salik ay ang kawalan ng interes at pagkahumaling ng mag-aaral sa di pang-akademikong layunin at ito ang naging salik sa pagbaba ng akademikong pag-unlad ng mag-aaral. Ilang mag-aaral din ang nagsabing isa sa mga salik na nagpababa sa akademikong pag-unlad ng mag-aaral ay ang personal na gawain taliwas sa pang akademikong layunin.

Sa kadahilanang ito, isang pag-aaral ang isasagawa sa UM Panabo College upang tukuyin ang ugnayan o relasyon ng social media at akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, ang pag-aaral din na ito ay naka disenyo upag suriin ang antas o lebel ng paggamit ng social media ng mga mag-aaral.

### **Paglalahad ng Suliranin**

Niniais ng mga mananaliksik na magkaroon ng ibayong pag-aaral hinggil sa kung mayroon bang ugnayan ang social media sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral. Layunin din ng pag-aaral na ito na masagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang lebel ng social media ng mga mag-aaral batay sa:

- 1.1 pagkalulong ng mga mag-aaral sa social media;

- 1.2 impluwensiya ng pagkalantad ng social media network ng mga mag-aaral;
  - 1.3 paggamit ng social media;
  - 1.4 paggamit ng social media ayon sa edad; at
  - 1.5 paggamit ng social media ayon sa kasarian?
2. Ano ang lebel ng akademikong pag-unlad sa tersarya batay sa marka?
  3. Mayroon bang makabuluhang ugnayan ang social media sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral?

### **Haypotesis**

Batay sa mga suliraning inihayag, ang mga mananaliksik ay nakabuo ng ***null haypotesis*** na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng social media at akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral at malayo ito sa 0.05 na pamantayan sa pagkamakabuluhan nito.

### **Balangkas na Teoritikal at Konseptwal**

Ang balangkas na teoritikal ay naglalaman ng iba't ibang mga teorya na sumusuporta sa relasyon sa pagitan ng social media at Akademikong pag-unlad ay ang sumusunod:

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa teoryang “Social Learning theory” ni Bandura (1977). Inilalarawan ng teorya na ang pagkakaroon ng

kasanayan sa mga bagay-bagay ay naka depende sa lipunang iyong ginagalawan o kinabibilangan. Ayon kay Bandura, ang bawat mag-aaral o indibidwal na nakapaligid, at sitwasyon ay maaaring makaapekto sa resulta ng iyong pagkatuto.

Pinatunayan ng the Social Learning Theory (SLT) ni Bandura na ang pag-unawa sa dalawang aspeto ng gawain na binubuo ng paggamit ng social media para sa mga hangaring pang-edukasyon at akademikong pag-unlad. ayon sa pag-aaral kanya ang mga gumagamit ng social media ay madalas na nakakaranas ng hindi magandang resulta sa pang akademikong layunin. Ang mga kasanayang binuo ng mga mag-aaral sa tersiyaryo sa pamamagitan ng kanilang madalas na paggamit ng social media para sa mga hangaring pang-edukasyon ay eksklusibong makukuha sa kapaligiran at pakikipagkapwa, Dagdag pa niya na ang paggamit ng social media ng bawat mag-aaral ay nakakaapekto sa akademikong pag-unlad nito (Yu et al., 2010).

Ang teorya ay sinupurtuhan nina (De Anarea , Ellison , et. Al, 2012), na nagsasabing na kapag ang mga mag-aaral ay nakikipag-ugnay sa iba't-ibang plataporma ng social media sa pamamagitan ng pagmamasid, pakikilahok sa iba pang mga aktibidad sa social media ay maaaring magresulta sa pag-uugali na maaaring makaapekto sa kanilang akademikong pag-unlad, positibo man o negatibo ang magiging kalalabasan.

**Social Media**

- Pagkalulong ng mga mag-aaral sa social media
- Impluwensiya ng pagkalantad ng social media network ng mga mag-aaral
- Paggamit ng social media
- Paggamit ng social media ayon sa kasarian
- Paggamit ng social media ayon sa edad

Malayang Baryabol

Di

Malay

ang

Barya

bol

**Akademikong Pag-unlad**

- Marka





### *Talaguhitan 1: Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral*

Ipinapakita sa talaguhitan 1 ang malayang baryabol sa pag-aaral na ito: social media na mayroong mga tuntuning: *pagkalulong ng mga mag-aaral sa social media* na tumutukoy sa kung paano nahuhumaling o nalulong ang mga mag-aaral sa paggamit ng social media. Sa *impluwensiya ng social media* na tumutukoy sa kung paano nakakaimpluwensiya o nakaka-apekto ang social media sa kanilang marka. Ang *paggamit ng social media* na siyang tumutukoy sa kung hanggang saann gumagamit at paano ginagamit ng mag-aaral ang social media. Ang *paggamit ng social media ayon sa kasarian* na siyang tumutukoy sa kung may kinalaman ang kasarian sa kung paano gagamitin ang social media. Ang *paggamit ng social media ayon sa edad* na tumutukoy sa kung may kinalaman ba ang edad sa kung paano gagamitin ang social media.

Akademikong pag-unlad ang hindi malayang baryabol sa pag-aaral na may indikektor: *Marka* na tumutukoy sa nakamit na antas sa pag-aaral na nakumpleto ng isang mag-aaral sa unang semester.

### **Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sapagkat mapapakinabangan ito ng mga sumusunod:

**Tagapangasiwa ng Paaralan.** Ang impormasyon na maibibigay ng pag-aaral na ito ay magsisilbing batayan sa pagpapaunlad ng marka ng mga mag-aaral. Makapagbibigay ng mga pananaw sa kung ano ang mga positibo and negetibong epekto ng lubos na paggamit ng social media.

**Program Head.** Nawa'y ang impormasyon sa pag-aaral na ito ay magiging batayan para sa mga program head upang mas magkaroon ng integrasyon ang social media sa paraang kapaki-pakinabangan upang mas maipataas pa ng husto ng mag-aaral ang kanilang marka. At mabigyang linaw sa kung ano ang hindi at tamang epekto ng social media sa mga mag-aaral para sa kanilang akademikong pag-unlad maging ang epekto ng social media sa kalusugan at ibang aspeto.

**Mga Mag-aaral.** Mabubuksan ang kanilang isipan sa iba't ibang kaugalian sa pag-aaral at malaman ang kahalagahan ng social media sa akademikong pag-unlad. Gayundin, sa kung ano ang magiging epekto nito kung labis itong gagamitin. Nawa'y maging maalam at limitahan lamang ang paggamit ng social media.

**Mga Guro.** Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga guro lalo na sa pagtuturo at kanilang estratehiya na kung saan maaari nilang gamitin ang social media bilang sangkap o instremento upang mas lalo pang pagtibayan ang kanilang pagtuturo.

**Mga Magulang.** Ang pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay sa pagbubukas mata ng magulang para sa anak na lalo pang makapagbibigay

gabay at suporta ukol sa pagiging responsible sa pag-aaral ng kanyang anak sa kanyang asignatura at upang magabayan ang kanilang mga anak sa wastong paggamit ng social media.

### **Depinisyon ng Terminolohiya**

Upang mas madali at ganap ang pagkakaintindi ng mga mambabasa, minarapat naming bigyang depinisyon ang mga sumusunod na terminolohiya:

**Social Media.** Ang konseptwal na pagpapahulugan nito ay ay isang bahagi ng makabagong teknolohiya at ito ay may malaking epekto sa mga mag-aaral na kabataan. Sa ngayon, nauso na ang facebook, twitter, blogs, at chatting, na mas nagpabilis ng pagpapakalat ng mga impormasyon at mas madali na ito makita para sa marami. nang dahil dito ang edukasyon ay nagging mas madali, at mas epektibo (Oro,2013). Sa operasyunal na pagpapakahulugan, ito ay tumutukoy sa pagkalulong nga mag-aaral sa social media, impluwensiya ng pagkalantad ng social media network ng mga mag-aaral, paggamit ng social media, paggamit ng social media ayon sa edad, paggamit ng social media ayon sa kasarian.

**Akademikong Pag-unlad.** Ang konseptwal na kahulugan nito, ito ay ang sumusukat sa kakayahan at abilidad ng bawat mag-aaral sa loob ng silid-aralan (Francisco,2016). Sa operasyunal na pagpapakahulugan nito, ito ay tumutukoy sa marka

## Kabanata 2

### MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL AT LITERATURA

Sa kabanatang ito inilahad ang mga kaugnay na pananaliksik na nagbigay ng dokumentasyon at suporta para sa layunin ng pag-aaral na ito.

#### **Social Media**

Ang social media ay ang plataporma na nagbibigay sa mga indibidwal ng pagkakataon na makipag-ugnay, gamit ang dalawang paraan ng komunikasyon; ibig sabihin, na ang sinumang may mga *online account* ay maaaring magbahagi ng kanilang mga opinyon sa ibang mga gumagamit ng social media. (AntonSon at Christopher, 2014).

Ang social media ay tumutukoy sa mga paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga tao kung saan sila lumilikha, nagbabahagi, nagpapalitan at nagkomento sa kanilang mga sarili sa iba't ibang mga network. Ang social media ay isang pangkat ng aplikasyon na nakabatay sa internet na bumubuo ng pundasyong pang-ideolohiya at pinapayagan ang paglikha at palitan ng nilalamang nabuo ng mga gumagamit. Ang social media ay naging isa sa mga pangunahing paraan ng pakikipag-usap sa pamamagitan ng mga platform tulad ng messenger, BB chat, blogger, at iba pa. (Andreas & Michael, 2010)

***Pagkalulong ng mga mag-aaral sa social media.*** Sa internet, ang mga mag-aaral ay nakikibahagi sa iba't- ibang mga aktibidad na ang iilan ay maaaring maging potensyal na nakakahumaling (kuss at Griffiths, 2011). Ang pakikilahok ng masa sa social media at internet ay maaaring maging sanhi ng

pag-aalala, lalo na kapag dumadalo sa unti-unting pagtaas ng halaga ng oras na ginugugol ng mga mag-aaral.

Ang mga mag-aaral ay gumugugol ng mas maraming oras sa *Facebook*, *Twitter* at iba pang mga social media sa pamamagitan ng mga *smartphone* na ngayon ay sagana sa mga kabataan. Maraming mag-aaral ang hindi maaaring pumunta sa loob ng dalawa at tatlong oras nang hindi sinusuri ang kanilang mga propayl sa mga social network na ito kahit na nakapinsala sa iba pang mga aktibidad tulad ng pang-edukasyon at paghahanap ng karera.

Sa isang artikulo sa pahayagang *Daily Trust*, ipinahayag ni Itodo (2011) na tila mayroong isang mahalagang aspeto ng pagkahumaling sa social networking sa mga mag-aaral ngayon; isang kalakaran na maaaring negatibong nakakaapekto sa kanilang akademikong, panlipunan at espiritwal na buhay kung hindi maayos na kontrolado.

Ayon kay Olubiyi (2012), naobserbahan at tinukoy niya na ang mga mag-aaral ay nagsasayang ng kanilang oras sa pamamagitan ng mga idle chat at iba pang mga imoral na gawain. Ang mga mag-aaral ay labis na nakatuon sa mga social media network na halos 24 na oras silang online.

Sa isang pag-aaral ng 884 na mga mag-aaral ng iba't ibang pamantasan sa Nigeria, (Olowu & Seri 2012). Ipinahiwatig na ang mga mag-aaral sa Nigeria ay gumugugol ng sobrang oras sa mga social networking site na pumipinsala sa iba pang kinakailangang bagay tulad ng kanilang pag-aaral. Ipinaliwanag nila na ang paggamit ng mga kabataan ng mga social networking site na ito ay tumuturo pa rin sa pagkahumaling. Ginawang

pangunahing priyoridad ng mga kabataan ang social media at patuloy na nangangailangan ng higit na paggamit upang makaramdam ng kasiyahan

***Impluwensiya ng pagkakalantad ng mga mag-aaral sa social media network.*** Mapapansin sa mga nagdaang panahon na ang mga mag-aaral ay walang limitasyon sa pag-access sa internet pati na rin sa social media. Ang mga mag-aaral ay kumonekta sa kompyuter upang magpadala at tumanggap ng mga impormasyon kahit saan man sa mundo.

Ang pagmamanupaktura at pamamahagi ng pantay at sopistikadong mga telepono ay kumplikado sa sitwasyon, dahil ang mga mag-aaral ay hindi na kailangang bisitahin ang isang *cybercafé*. Ang iilang paaralan ay mayroon nang sapat na internet o koneksyon upang maibahagi ang mga aral na dapat na matutunan sa loob ng silid-aralan.

Karaniwang bagay na makita sa isang mag-aaral na nagbabasa sa silid-aklatan, inilalagay ang mga libro sa tabi at ang ayon sa isang pinagsamang pag-aaral ng *Campus2Careers at Study Breaks* sa paggamit ng mobile. Natuklasan ng mga aparato sa mga mag-aaral na, isang average na undergraduate na gumugol ng 3.6 na oras sa isang araw kasama ang kanilang mga cell phone at smartphone, habang gumugol ng mas kaunting oras sa mga computer, TV, mga aparatong gaming sa handheld at e-reader.

***Paggamit ng social media.*** Ang kasalukuyang henerasyon ng mga kabataan ay nabubuhay sa isang teknolohikal na mundo na may iba't ibang mga uri ng komunikasyon na nangyayari sa lahat ng oras. Halimbawa, maaaring nasa computer siya sa isang SNS, habang kasama rin pakikipag-

usap sa telepono, pagpapadala ng mga mabilisang mensahe sa isang kaibigan, at pag-email sa ibang tao sa parehong oras (Williams, 2008).

Habang maaaring may ilang mga

pakinabang dito, tulad ng natututo ang mga kabataan kung paano mag-type at mas napapadali ang kanilang mga gawain gamit ang internet (Williams, 2008).

Gayunpaman, sa parami ng parami ng mga mag-aaral pagiging abala sa mga social media network at teknolohikal na buhay panlipunan, paano ito nakakaapekto sa kanilang pag-aaral. Tinatayang kahit na ang mga mag-aaral na nagtapos sa high school, ang isa sa tatlo ay walang taglay na kaalaman at kasanayang mamumuno sa kanya sa susunod na antas, tulad ng kolehiyo maging sa praybeyt o pampublikong paaralan (Bowen, 2008).

Ipinapakita ng kasalukuyang istatistika na sa unibersidad ang mga mag-aaral sa Nigeria ay nasa ilalim ng mas mataas na presyur dahil sa mas mataas na pamantayang pang-akademiko sa iba pa mga bansa, at ito ay naging mas mahalaga kaysa dati para sa mga tagapagturo na hikayatin makapagtapos at madagdagan ang kanilang kaalaman sa edukasyon (Bowen, 2008).

***Paggamit ng social media ayon sa kasarian.*** Kapag sinusuri na maiuugnay ang kasarian at kabataan, ang mga resulta ay magkahalo, kung aling pangkat ang gumugugol ng mas maraming oras sa Internet pati na rin sa mga social media network (Lin &Subrahmanyam, 2007). Ipinakita na ang mga pag-aaral partikular na ang mga lalaki ay online na higit sa mga batang babae mga

nakaraang dekada dahil sa mga naunang porma ng teknolohiya tulad ng mga video o computer games (Lin & Subrahmanyam, 2007).

Iniulat din na ang mga batang babae ay gumagamit ng social media para sa mga bagay tulad ng pakikipag-chat at pag-download ng musika (Giles at Presyo, 2008). Dahil dito, maaaring ang isa ipalagay na ang mga batang babae ay mas malamang na maakit sa mga social media network at iba pa mga pangkat ng panlipunan sa online (Giles & Presyo, 2008). Ayon sa karamihan, pananaliksik na ginawa sa paksa, ang bilang ng mga kabataan na batang babae at lalaki na nakikipag-usap sa mga social media network na ito ay pantay na hinati (Bonds-Raacke & Raacke, 2008).

Ipinakita ng pananaliksik na kahit na ang mga batang babae at lalaki ay parehong may posibilidad na magkaroon ng isang SNS account, ang mga dahilan para sa mga account ay maaaring magkakaiba batay sa kasarian (Bonds-Raacke & Raacke, 2008). Para sa mga batang babae, mga site ng social networking ay pangunahing inilalagay upang mapalakas ang dati nang pagkakaibigan; para sa lalaki, ang mga social network ay nagbibigay din ng mga pagkakataon para sa pagpapangalap ng impormasyon at paghahanap ng mga bagong kaibigan (BondsRaacke & Raacke, 2008).

Ang mga batang babae ay mas malamang din kaysa sa mga lalaki na mag-post ng tahasang sekswal mga larawan ng kanilang sarili, at upang pag-usapan ang sekswal na aktibidad sa mga pampublikong porum (Rafferty,

2009). Ang mga batang babae ay mas malamang din na magbahagi ng personal na impormasyon tungkol sa kanilang pang-araw-araw na buhay (Merten & Williams, 2009).



Mga resulta ng isang kamakailang pag-aaral na kinasasangkutan ng Facebook, MySpace, at Ipinakita ni Xanga, na bagaman ang karamihan sa mga tinedyer na may edad 13-17 ay ginamit ang mga site na ito para masaya at positibo dahilan, 55% ng mga batang babae ang nagbahagi ng mga personal na kwento tungkol sa pagkalumbay, pagkabalisa, relasyon at mga problema (Merten & Williams, 2009). 15% lamang ng mga lalaki ang nagbahagi ng anumang personal na impormasyon bukod sa kanilang mga libangan, interes, at pagkakaibigan (Merten & Williams, 2009).

***Paggamit ng social media ayon sa edad.*** Sa nakaraang ilang taon, ang Internet ay naging sentro na ng komunikasyon sa pagitan ng mga tao, pati na rin ang kanilang pangunahing mapagkukunan ng libangan (Alexander & Salas, 2008). Ito ang naging daan din sa halos bawat upang mas mapadali o mabalis ang gawain ng ating mga mag-aaral (Alexander & Salas, 2008).

Sa mga nagdaang pag-aaral, ang mga mag-aaral sa unibersidad ay ipinakita na ang pinakadakilang gumagamit ng Internet, particular na para sa mga pakikipag-ugnay sa lipunan (Lin & Subrahmanyam, 2007). Ang mga site sa social networking, pati na rin email, instant messaging, blogging, at online journal ay ganap na binago. Pati na rin ang paraan ng pagpapangalap ng impormasyon (Bonds Raacke & Raacke, 2008).

Ang mga kabataan ay nasanay sa buhay na ito na higit pa sa mayroon nang mas matatandang henerasyon sa mga nagdaang taon, tulad ng ganitong pamumuhay ang alam nila (Lewis, 2008). Ginagamit na ng mga kabataan ang social media para sa karamihan ng kanilang pang-araw-araw na gawain at pangangalap ng impormasyon, taliwas sa mga matatandang

henerasyon na gumamit ng mga mapagkukunan tulad ng telebisyon o pahayagan (Lewis, 2008).

Isang survey ang nagpakita na humigit-kumulang siyamnapung porsyento ng mga kabataan sa Estados Unidos ang mayroon ng access sa Internet, at halos pitumpu't limang porsyento ng mga kabataan na ito ang gumagamit ng social media nang higit pa sa isang beses bawat araw (Kist, 2008). Ipinakita rin ng pag-aaral na ito na humigit-kumulang sa kalahati ng lahat ng mga kabataan na may access sa Internet ay miyembro din ng mga social networking site, at gumagamit ng Internet upang gumawa ng mga plano at makihalubilo sa mga kaibigan (Kist, 2008). Tulad ng sinabi ng isang mananaliksik, "Gumagamit ang mga tinedyer ang social media bilang isang extension ng kanilang pagkatao, upang ipakita ang kanilang mga kaibigan - at ang mundo- sino sila, kung ano ang pinapahalagahan nila, at upang bumuo ng mga koneksyon sa iba pang pag-iisip mga tao "(Goodman, 2007, 84).

### **Akademikong Pag-unlad**

Ang akademikong pag-unlad ay tumutukoy sa nakamit na kaalaman at itinalaga ng mga marka, na itinalaga ng guro. Sa konteksto ng edukasyon, ang akademikong pag-unlad ay ang layunin sa edukasyon na makakamtan ng isang mag-aaral, guro at isang institusyon sa isang tiyak na panahon. Ito ay sinusukat gamit ang pagsusulit o tuloy-tuloy na pagtataya at ang layunin ay maaring naiiba mula sa isang indibidwal o institusyon (Anshu Narad at Bilkees Abdullah 2016).

**Marka.** Ang mga sistema ng pagmamarka na ginagamit ng mga guro ay magkakaiba at hindi mahuhulaan at madalas ay may mababang antas ng bisa

dahil sa pagsasama ng mga pamantayang hindi pang-akademiko na ginamit sa calculation ng mga marka (Allen and Lambating 2001). Natagpuan ang mga guro na gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga marka na nauugnay sa pagsisikap ng mag-aaral sa pagtatangka na maging "patas" sa kanilang mga kasanayan sa pagmamarka (Barnes 1985). Natuklasan ng mga pag-aaral na dalawa sa tatlong guro ang naniniwala na ang pagsisikap, pag-uugali ng mag-aaral, at ang pag-uugali ay dapat makaimpluwensya sa huling mga marka ng mga mag-aaral (Cross et., al 1996). Ang mga marka ay hindi dapat maging isang masamang hangarin tulad ng antas ng pagsisikap ng mag-aaral, likas na kakayahan, pagsunod sa mga patakaran, pagdalo, panlipunang pag-uugali, pag-uugali, o iba pang mga hakbang na hindi nakamit (Friedman and Fris-bie 2000; Ornstein 1994).

## KABANATA 3

### METODO

Ang bahaging ito ay binubuo ng disenyo ng pag-aaral; subjek ng pananaliksik; instrumento ng pananaliksik; mga pamamaraan sa paghahanda ng instrumentong ginamit sa pagsusuri, sa pag-aaral at pangangalap ng datos.

#### **Disenyo ng Pananaliksik**

Ginamitan ng *descriptive-correlation method* ang pag-aaral na ito na kung saan ibinatay sa obserbasyon ng *non-experimental events or events* na pagbabatayan ng teorya o kongklusyong malilikha upang pangatwiranan ang obserbasyon (Harcourt, 2016). Ang pag-aaral na ito ay ginagamitan ng ganitong uri ng metodo upang ilarawan ang dalawang baryabol na pinag-aaralan. Ang mga datos tungkol sa Impluwensya ng Social Media sa Akademikong Pag-unlad ng mga mag-aaral ay kinuha at ang kanilang ugnayan ay tinukoy.

Ang mga mag-aaral na nagsilbing mga respondente ay tinaya gamit ang istandardistikong palatanungan bilang panukat na kagamitan. Ang resulta ng ebalwasyon maging ang datos ay tinipon; hinanay; sinuri at binigyang-kahulugan upang tukuyin kung mayroon o walang mahalagang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol.

#### **Sabjek ng Pananaliksik**

Ang mga mag-aaral ng UM Panabo College, partikular ang mga mag-aaral na nagsipagkuha ng edukasyong pansekundarya na nagpatala bilang mga mag-aaral sa unang taon sa larangan ng Ikalawang taon Filipino (7); sa

### Talahanayan 1

#### Distribusyon ng mga Respondente

Programa	Respondente		
	Ikalawang taon	Ikatlong taon	Ikaapat ng taon
<b>Kabuuan</b>			
BSED-Filipino	7	8	6
BSED-English	8	10	8
BSED-Mathematics	10	6	5
<b>Kabuuan</b>	<b>68</b>		

Ingles (11); matematika (10); ikatlong taon Filipino (8); Ingles (12); at matematika (6); ika-apat na taon sa Filipino (6); Ingles (8); at matematika (6) ay nagsilbing mga respondente sa pananaliksik na ito na may 68 na respondente.

#### Instrumentong Pampananaliksik

Ginamit ng mga mananaliksik ang istandardistikong surbey na palatanungan ni Oshavire, Peter (2015) na pinamagatang "***Social Media and***

**Academic Performance of Students Questionnaire (SMAAPOS)** upang tukuyin kung may relasyon ba ang social media sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang pagkamakatotoo ng instrumentong ito bilang panukat na kagamitan ay ikinosedera sa pag-aaral na ito.

<b>Panukatan</b>	<b>Paglalarawan</b>	<b>Interpretasyon</b>
4.21-5.00	Napakataas	Ito ay nangangahulugan na ang lebel ng social media ay palaging namamasdan.
4.21-5.00	Mataas	Ito ay nangangahulugan na ang lebel ng social media ay madalas na namamasdan.
2.61-3.40	Katamtaman	Ito ay nangangahulugan na ang lebel ng social media ay minsan namamasdan.
1.81-2.60	Mababa	Ito ay nangangahulugan na ang lebel ng social media ay bihirang namamasdan.

1.00-1.80	Napakababa	Ito ay nangangahulugan na ang lebel ng social media ay hindi kailan man namamasdan.
-----------	------------	---

Upang tukuyin ang lebel ng akademikong pag-unlad ng mag-aaral, ang mga sumusunod na panukat ay ginamit.

<b>Panukatan</b>	<b>Paglalarawan</b>	<b>Interpretasyon</b>
96.00-100.00	Napakataas	Ito ay nangangahulugan na ang akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto ay palaging naipamamalas
91.00-95.00	Mataas	Ito ay nangangahulugan na ang akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto ay madalas na naipamamalas
86.00-90.00	Katamtaman	Ito ay nangangahulugan na ang akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto ay minsan naipamamalas.
81.00-85.00	Mababa	Ito ay nangangahulugan na ang akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto ay bihirang naipamamalas

81.00-85.00	Mababa	Ito ay nangangahulugan na ang akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto ay hindi naipamamalas
-------------	--------	--

### **Pamaraan sa Pangangalap ng Datos**

Ang mga sumusunod ay mga hakbang na isinagawa ng mga mananaliksik sa pagkuha ng mga datos.

**Balidasyon.** Ang mga mananaliksik ay nagbigay ng liham sa mga balideytors upang suriin ang istandardistikong surbey na palatanungan na prinisenta ng mga mananaliksik.

**Pahintulot sa paggawa ng pag-aaral.** Ang mga mananaliksik ay nagbigay ng liham pahintulot sa pamunuan ng paaralan upang hayaan ang mga mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral.

**Pahintulot sa mga mag-aaral.** Ang mga mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa mga mag-aaral na makuha ang kanilang General Weighted Average (GWA) sa pamamagitan ng kanilang student permanent record o (SPR) upang maisakatuparan ang pananaliksik.

**Administrasyon at pagkuha ng mga talatanungan.** Ang surbey ay isinagawa ng mga mananaliksik sa mga mag-aaral na nagsipagkuha ng kursong Edukasyong Pansekundarya ng paaralan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga katanungan na nasa *Google Form* at ito ay alternatibong



paraan sa pagkalap ng mga datos sa gitna ng pandemyang nararanasan sa kasalukuyan.

**Pag-aanalisa at interpretasyon ng mga datos.** Pagkatapos ng isinagawang surbey, ang mga datos ay tinipon at sinuri. Ang mga resulta ay kinalkula at inihanay.

### **Paraan at Istatistikong Ginamit sa Pananaliksik**

Ang mga sumusunod ay mga istatistikong kagamita na ginamit sa pagpapakahulugan sa mga datos na nakalap.

**Mean.** Ito ay ginamit upang tukuyin ang lebel ng social media at akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral.

**Pearson product-moment correlation coefficient.** Ito ay ginagamit upang tukuyin kung mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng social media at akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral.

#### KABANATA 4

#### PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA


#### DATOS

Ang kabanatang ito ay naglahad ng pagsusuri at pagpapakahulugan sa mga datos sa nakalap sap ag-aaral upang masagut ang mga problemang inilahad sa unang kabanata. Ang mga datos ay inilahad sa isang talahanayan at inayos batay sa problemang tinukoy. Ito ay sinundan ng diskusyon hinggil sa pagsusuri at implikasyon nito sa ginawang pag-aaral.

#### Lebel ng social media

Inilahad sa ikalawang talahanayan ang lebel ng social media na kung saan ito ay nahahati sa limang indikektor at ito ay ang: Pagkalulong nga mga mag-aaral sa social media; impluwensiya ng pagkalantad ng social media network sa mga mag-aaral; paggamit ng social media; paggamit ng social media ayon sa edad at paggamit ng social media ayon sa kasarian. ipinakita sa datos na napakataas ang lebel ng social media na may grand mean 4.31 na nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay may napakataas na hinuha sa impluwensiya ng social media sa akademikong pag-unlad ayon sa obserbasyon at pagtataya ng mga mag-aaral na nagsilbing mga respondent.

Ang unang indikektor, pagkalulong ng mga mag-aaral sa social media, ay minarkahan ng lebel na mataas na may over-all mean na 4.13 na nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay may mataas na hinuha sa impluwensiya ng social media sa akademikong pag-unlad.



## Talahanayan 2

### Lebel ng social media

#### A. Pagkalulong ng mga mag-aaral sa Social Media

---

Pahayag	Mean	Pahayag
1.Ang pagiging babad sa social ay isang problema o nakaapekto sa aking mga gawain sa paaralan.	4.14	Mataas
2.Ang Online Social Netwoks ay nakakadisurbo sa aking pag-aaral.	4.06	Mataas
3.Mas may oras ako sa social media kaysa sa pag-aaral.	4.18	Mataas
4.Simula ng gumamit ako ng social media walang pagbabago sa aking marka o grado.	4.14	Mataas
<b>Ove-all mean</b>	<b>4.13</b>	<b>Mataas</b>

---

#### B. Impluwensya ng pagkalantad ng social media network sa mga mag-aaral

Pahayag	Mean	Pagpapakahulugan
1.Mas may oras ako sa facebook at sa tingin ko may masamang epekto ito sa aking pag-aaral.	4.40	Napakataas

2. Nakikisali o nakikilahok ako sa mga akademikong sulatin o diskurso gamit ang social media.	4.25	Napakataas
3. Gumagamit ako ng messenger upang ibahagi sa aking mga kaklase ang aking natutunan.	4.37	Napakataas
4. Umaasa ako sa inpormasyong aking nakikita sa internet para sagutan ang aking takdang aralin na walang pag-aatubili.	4.31	Napakataas
<b>Over-all mean</b>	<b>4.33</b>	<b>Napakataas</b>

---

#### **A. Paggamit ng social media**

<b>Pahayag</b>	<b>Mean</b>	<b>Pagpapakahulugan</b>
1. Paggamit ng Wikipedia para manaliksik ay nakakatulong upang umangat ang aking marka	4.42	Napakataas
2. Nakikilahok ako sa akademikong talakayan gamit ang messenger at ito ay nakakaapekto sa aking pang-unawa.	4.29	Napakataas
3. Hindi ko rin maisasagawa ng maayos ang aking pag-aaral kahit ititigil ko na ang paggamit ng social media	4.32	Napakataas

4.Ginagamit ko ang aking mga nakukuhang impor- masyon galing sa internet upang siguraduhin na ito ay akma sa kung ano ang itinuro sa amin.	<b>4.40</b>	<b>Napakataas</b>
--	-------------	-------------------

**Over-all mean**

**4.36**

**Napakataas**

---

**C. Paggamit ng Social media ayon sa edad**

Pahayag	Mean	Pagpapakahulugan
1.Ang edad ay nakakaapekto sa paggamit ng social media	<b>4.32</b>	<b>Napakataas</b>
2.Habang ako ay tumatanda ang social media ay nakakasawa	<b>4.31</b>	<b>Napakataas</b>
3.Ang social media ay hindi na importante sa henerasyon	<b>4.48</b>	<b>Napakataas</b>
4.Ang henerasyon ngayon ay isa sa mga aktibong gumagamit ng social media	<b>4.40</b>	<b>Napakataas</b>
<b>Over-all mean</b>	<b>4.38</b>	<b>Napakataas</b>

---

**E. Paggamit ng social media ayon sa kasarian**

Pahayag	Mean	Pagpapakahulugan
1.Magkaibang paggamit ng social media ng lalaki at babae	<b>4.42</b>	<b>Napakataas</b>

2.Ang mga bababae kappa gumagamit ng social media ay mas nakatuon sa pagpapayaman ng koneksyon sa lipunan	<b>4.45</b>	<b>Napakataas</b>
3.Kasarian ang tumutukoy sa antas ng paggamit ng social media	<b>4.38</b>	<b>Napakataas</b>
4.Ang mga lalaki ay epektibong gumagamit ng social media kung ito ay hindi pang-akademikong layunin	<b>4.28</b>	<b>Napakataas</b>
<b>Over-all mean</b>	<b>4.38</b>	<b>Napakataas</b>
<hr/>		
<b>GRAND MEAN</b>	<b>4.31</b>	<b>Napakataas</b>
<hr/>		

**Liyenda:**

<b>Panukatan</b>	<b>Paglalarawan</b>
4.21-5.00	Napakataas
3.41-4.20	Mataas
2.61-3.40	Katamtaman
1.81-2.60	Mababa
1.00-1.80	Napakababa

Ang pinakamataas na mean sa indikaytor na ito ay nasa ikalawang bilang na may pahayag na, *ang online social networks ay nakakadisturbo sa aking pag-aaral*. Na may mean na 4.18 at na nangangahulugan na ang lebel ng social media ay palaging namamasdan.

Ang pinakamababang mean ay nasa ikatlo na bilang na may pahayag na, *mas may oras ako sa social media kaysa sa pag-aaral*. At ang ikat na may mean na 4.06 na minarkahan na bilang mataas.

Gayon din, minarkahan ng mataas na lebel ang bilang na ikaapat na may pahayag na, *Simula ng gumamit ako ng social media walag pagbabago sa aking marka o grado*. Na may mean na 4.14 na nangangahulugan na na nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay may mataas na hinuha sa Impluwensiya ng social media sa Akademikong Pag-unlad.

Sa resultang ito ipinakita na ang mga mag-aaral ay mas may oras pa sa social media kaysa sa pag-aaral. Na kung saan ang pakikilahok ng mag-aaral sa social media at internet ay maaaring maging sanhi ng pagbaba ng kanilang akademikong pagganap na nakakaapekto sa kanilang akademikong pag-unlad. Ito ay ipinagtibay sa isinigawang pag-aaral ni Morahan-Martin at Schumacher, 2000 na ang pagkalulong ng social media ay nakakasama sapag-aaral.

Ang ikalawang indikaytor, impluwensiya ng pagkalantad ng social media network sa mga mag-aaral ay may lebel na napakataas na mayroong over-all mean na 4.33 na nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay may napakataas na hinuha sa social media sa akademikong pag-unlad batay sa obserbasyon ng mga mag-aaral sa loob ng klase.

Ang pinakataas na mean sa indikaytor na ito ay unang bilang na may pahayag na, *Mas may oras ako sa Facebook at sa tingin ko may may masamang epekto ito sa aking pag-aaral.*, na may 4.40 na mean at minarkahan bilang napakataas na na nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay may mataas na hinuha sa Impluwensiya ng social media sa akademikong Pag-unlad.

Ang pinakamababang mean ay nasa ikalawang bilang na may pahayag na, *Nakikisali o nakikilahok ako sa mga akademikong sulatin o diskurso gamit ang social media.* na may 4.25 na mean at minarkahan bilang napakataas. Gayon din minarkahan ng napakataas na lebel ang mga sumusunod na bilang: Pangatlo at pang-apat na may mean na, 4.37 at 4.31.

Basi sa resulta ang impluwensiya ng pagkakalantad ng social media ng mga mag-aaral ay napakataas na kung saan nahihiligan nila ang paggamit ng facebook na kung saan ay nagkakaroon ng negatibong epekto kung ito ay labis na ginagamit. Pinagtibay ito sap pag-aaral ni Moon (2011) na kung saan ang labis na paggamit ng social media partikular sa facebook ay nagdudulot ng negatibong epekto sa akademikong pag-unlad ng bawat mag-aaral.

Ang ikatlong indikaytor, Paggamit ng social media, ay nagpapahayag ng napakataas na lebel na may over-all mean na 4.36 na nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay may mataas na hinuha sa Impluwensiya ng social media sa akademikong pag-unlad.

Ang pinakamataas na mean sa indikaytor na ito ay nasa unang bilang na may pahayag na, *Paggamit ng Wikipedia para manaliksik ay nakakatulong upang umangat ang aking marka.*; at ang ang pang-apat na bilang na may



pahayag na, *Ginagamit ko ang aking mga nakukuhang impormasyon galing sa internet upang siguraduhin na ito ay akma sa kung anong itinuro sa amin.* , na may 4.42 at 4.40 na mean na minarkahan bilang na nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay may mataas na hinuha sa Impluwensiya ng Social Media sa Akademikong Pag-unlad. Ang pinakamababang mean sa ay nasa ikalawang bilang na may pahayag na, *Nakikilahok ako sa Akademikong talakayan gamit ang messenger* at ito ay nakaka-apekto sa aking pang-unawa na may mean na 4.29 at minarkahan ng napakataas din. Gayon din minarkahan ng napakataas na lebel ang bilang ikatlo na may mean na 4.32.

